
10

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 1: Kontemporaryong Isyu



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikasampung Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan- Modyul 1: Kontemporaryong Isyu**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad ng **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| Manunulat: | Benedicta B. Santos | |
| Tagasuri: | Francisco P. Casipit, Jr.<br>Jose Gerardo R. Garcia<br>Elisa R. Ranoy | Rey B. Pascua<br>Maricel N. Guerrero<br>Melchor E. Orpilla<br>Cynthia B. Tablang |
| Editor: | Editha T. Giron<br>Gina A. Amoyen<br>Ronald P. Alejo<br>Evangeline A. Cabacungan | Orlando I. Guerrero<br>Edgar L. Pescador<br>Eric O. Cariňo<br>Rowena R. Abad |
| Tagaguhit: | Richard B. Isidro | |
| Tagalapat: | Jestoni H. Amores<br>Aldrin R. Gomez | Mary Ann L. Cabilan |
| Tagapamahala: | Tolentino G. Aquino<br>Arlene A. Niro<br>Gina A. Amoyen<br>Editha T. Giron | Wilfredo E. Sindayen<br>Ronald B. Radoc<br>Orlando I. Guerrero |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education- Region I**

Office Address: Flores St. Catbangen City of San San Fernando, La Union
Telefax: (072) 607- 8137/682-2324
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

10

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan- Modyul 1:
## Kontemporaryong Isyu

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan 10** ng **Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 1** para sa araling **Kontemporaryong Isyu**!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang, at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan, at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis, at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan- 21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.


**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa **Araling Panlipunan 10** ng **Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 1** ukol sa **Kontemporaryong Isyu**!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon, at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at ***icon*** na dapat mong maunawaan

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |

| | |
|---|---|
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, Gawain, at isang sitwasyon |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.

5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa ibang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid, o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay ng mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Ang modyul na ito ay tungkol sa pag-aaral ng mga Kontemporaryong Isyu. Sa bahaging ito ay inaasahan na mas lalawak ang iyong kaalaman at pag-unawa tungkol sa mga suliraning kinakaharap ng ating bansa sa kasalukuyan.

Subukan mong ilarawan ang iyong lipunan. Ano-anong mga suliranin ang iyong nakikita? Paano ito nakaaapekto sa iyong pamumuhay? Paano tinutugunan ng inyong pamayanan ang mga isyu at hamong kinakaharap?

Sa panimulang aralin na ito ay mauunawaan mo ang kahalagahan ng pag-aaral ng kontemporaryong isyu. Mahalagang maunawaan mo ito upang ikaw ay maging kabahagi ng pagkilos at pagtugon sa mga isyu at hamong ito.

Sana matutuhan mo lahat ang mga aralin na inihanda para sa iyo. Ang **Aralin 1** ay tumutukoy sa mga **Kontemporaryong Isyu**. Ito ay nahahati sa sumusunod na paksa:


- Paksa 1: Konsepto ng Kontemporaryong Isyu
- Paksa 2: Kahalagahan ng Pag-aaral ng mga Kontemporaryong Isyu

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto**

- Nasusuri ang kahalagahan ng pag-aaral ng kontemporaryong isyu. (***MELC 1***)

**Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:**

- nabibigyang kahulugan ang kontemporaryong isyu;
- natutukoy ang mga uri ng kontemporaryong isyu;
- nasusuri ang mga kontemporaryong isyu ayon sa kasanayang natalakay;
- napahahalagahan ang pag-aaral ng mga kontemporaryong isyu; at
- nakapagbibigay ng sariling mungkahi sa paglutas ng mga kontemporaryong isyu na kinakaharap ng kinabibilangang komunidad.



# *Subukin*

Bilang panimula, sagutan mo ang mga tanong sa ibaba upang mataya ang iyong kahandaan sa pag-aaral sa paksa. Ito ay makatutulong upang mawari mo ang nilalaman ng modyul na ito.

**Gawain 1. Paunang Pagtataya**

Basahin at suriing mabuti ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Mga suliranin o pangyayaring gumagambala sa kalagayan ng ating pamayanan at sa bansa.
   A. Isyung *showbiz* C. Kasaysayan
   B. Kontemporaryong Isyu D. Balita

2. Kailan masasabing kontemporaryong isyu ang isang pangyayari?
   I. Nagaganap sa kasalukuyang panahon lamang.
   II. Walang epekto sa lipunan o mamamayan.
   III. Mahalaga at makabuluhan sa lipunang ginagalawan.
   IV. Nagaganap sa kasalukuyang panahon.


   A. I, II, III B. I, IV C. III, IV D. I, II, III, IV

3. Ang isang pangyayari ay nagiging isyu kung
   A. kilalang tao ang mga kasangkot
   *B.* nilagay sa *Facebook*
   C. napag-uusapan at dahilan ng *debate*
   D. walang pumansin kaya nakalimutan na lamang

4. Alin sa sumusunod na pahayag ang tumutukoy sa konsepto ng kontemporaryong isyu?
   A. Ito ay mga pangyayaring hindi naganap sa nakalipas na panahon at hindi nakaaapekto sa kasalukuyan.
   B. Ito ay paksang napag-uusapan na nakaaapekto sa pamumuhay ng mga tao sa lipunan.
   C. Ito ay mga isyung may positibong epekto lamang at may malaking epekto sa pamumuhay ng mga tao.
   D. Ito ay mga pangyayaring gumagambala at nagpapabago sa kalagayan ng ating pamayanan.

5. May apat na uri ng kontemporaryong isyu, ang isyung panlipunan, pangkalakalan, pangkapaligiran, at pangkalusugan. Alin sa sumusunod ang nabibilang sa usapin sa pandemya tulad ng COVID-19?
   A. Isyung panlipunan
   B. Isyung pangkapaligiran
   C. Isyung pangkalusugan
   D. Isyung pangkalakalan

Para sa bilang 6, suriin ang larawan.




6. Ipinakikita sa larawan ang pagpapaalala sa isang patakaran. Ang paglabag sa patakarang ito ay isang uri ng isyung?
   A. Panlipunan
   B. Pangkalusugan
   C. Pangkapaligiran
   D. Pangkalakalan

7. Alin sa sumusunod na halimbawa ng print media ang hindi kabilang?
   *A. magazine*
   *B. journal*
   *C. internet*
   D. komiks

8. Ano ang kahalagahan ng kamalayan sa kontemporaryong isyu sa lipunan at daigdig?
   I. Nakatutulong sa paglinang ng kritikal at malawakang kaisipan.
   II. Lalawak din ang koneksiyon ng "sarili" sa lipunan.
   III. Mapalawak ang pundasyon ng kaalaman.
   IV. Paggalang sa iba't ibang paniniwala.

   A. I,II,III B. I C. I,II,III,IV D. I,II

9. Alin sa sumusunod ang kasanayan na dapat taglayin sa pag-aaral ng kontemporaryong isyu?
   I. Natutukoy ang katotohanan at opinyon.
   II. Huwag ilahad ang kabutihan at di-kabutihan ng isang bagay.
   III. Pagkilala sa mga sanggunian.
   IV. Pagbuo ng opinyon at ugnayan.

   A. I B. I, II C. I, III, IV D. II, III

10. Ito ay mga mahahalagang pangyayari sa loob ng bansa na may malawakang epekto sa iba't ibang sektor ng lipunan tulad ng pamilya, simbahan, pamahalaan, paaralan, at ekonomiya.
    A. Isyung Pangkalusugan
    B. Isyung Pangkalakalan
    C. Isyung Panlipunan
    D. Isyung Pangkapaligiran

11. Ito'y mga suliraning may kinalaman sa kapaligiran at pangkalahatang kaligtasan ng mamamayan.
    A. Isyung Pangkalusugan
    B. Isyung Pangkalakalan
    C. Isyung Panlipunan
    D. Isyung Pangkapaligiran

12. Mga suliraning may kinalaman sa globalisasyon at negosyo.
    A. Isyung Pangkapaligiran
    B. Isyung Pangkalakalan
    C. Isyung Panlipunan
    D. Isyung Pangkapaligiran

13. Bakit mahalagang magkaroon ka ng malawak na kaalaman sa mga isyu at hamong panlipunan?
    I. Upang maunawaan ang mga sanhi at bunga nito sa lipunan.
    II. Upang maging aktibong bahagi ng mga programa at polisiya.
    III. Para sa pagkamit ng ganap na transpormasyon ng tao lamang.
    IV. Maunawaan na pili lamang ang dapat makibahagi sa pagpapaunlad ng bansa.

    A. I, III, IV    B. I, III    C. II, IV    D. I, II

14. Ang isang isyu ay maaaring pag-aralan sa pamamagitan ng pagsusuri ng ilang bahagi nito, alin sa sumusunod ang kabilang dito?
    I. uri
    II. sanggunian
    III. kahalagahan
    IV. epekto

    A. I, II, III    B. I, III    C. I, IV    D. I, II, III, IV

15. Sa pag-aaral ng mga kontemporaryong isyu, nalilinang ang pagiging mabuting mamamayan. Alin sa sumusunod na pahayag ang sakop nito?
    I. Aktibong pagganap sa mga gawain.
    II. Damdaming makabayan.
    III. Koneksiyon ng lipunan sa sarili.
    IV. Kakayahan sa pagsisiyasat at pagsusuri

    A. I    B. I, II    C. I, II, III    D. I, II, III, IV

# Aralin 1 Konsepto ng Kontemporaryong Isyu

Nakababahala ang panahon natin sa ngayon. Maraming isyu, hamon, at suliraning kinakaharap ang ating bansa. May mga pangyayaring hindi natin inaasahan. Mga ito ay kagagawan ng tao at mga pangyayaring bunga ng agham at makabagong teknolohiya na nagiging sanhi ng pagka-abuso sa kalikasan. Nagdudulot din ang mga ito sa pagbabago sa ating kapaligiran. Sa pamamagitan ng modyul na ito, inaasahang iyong matatanto ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga kontemporaryong isyu. Ang mga kaalaman na iyong matututuhan ay makatutulong sa iyo upang higit mong maunawaan ang mga pangyayari sa lipunang iyong kinabibilangan.



## *Balikan*

Sa bahaging ito, iyong babalikan ang mga dating kaalaman at pag-unawa tungkol sa mga katangian ng isyu. Simulan mo ito sa pamamagitan ng pagtupad sa gawain na nasa ibaba.

**Gawain 2. *Headline*-Suri:**

Pumili sa mga larawan ng headline at sagutin ang mga pamprosesong tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.

Unang Larawan

*Philippines elects first transgender woman to congress*
*By Robert Sawatzky, for CNN*
*Updated 0155 GMT (0955 HKT) May 11, 2016*



Geraldine Roman *waves to supporters while campaigning in* Bataan province, *April* 30, 2016.

Sanggunian: Sawatzky, 2016). cnn.com. Retrieved February 10, 2017

Ikalawang Larawan

*DOLE order ending contractualization expected in February*

*Labor Secretary Silvestre Bello III wants to sign the department order on Valentine's Day, February 14*




*NO TO ENDO. Workers belonging to the Nagkaisa Coalition march to Mendiola in Manila on January 4, 2016 to call on the government to end the practice of contractualization. File photo by Martin San Diego/Rappler*

Sanggunian: Pasion, 2017. Rappler.com. Retrieved February 10, 2017

Pamprosesong Tanong
1. Tungkol saan ang napiling headline?
2. Maituturing mo bang isyu ito? Bakit?
3. Para sa iyo, ano ang ibig sabihin ng isyu?

Magaling! Isa itong patunay na may alam ka na sa mga isyung nangyayari sa ating lipunan. Alam mo rin na may bahagi kang dapat gampanan sa pagharap ng mga isyung ito. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, iyong pagtuonan ng pansin ang susunod na gawain na tutuklas sa iyong kaalaman tungkol sa modyul na ito.



## *Tuklasin*

**Gawain 3. Halo-Letra:**

Gamit ang mga pinaghalo-halong letra, tukuyin ang mga konsepto at salitang inilalarawan ng sumusunod na pahayag. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.

1. Paniniwala sa pagkakaiba-iba ng lahi, at ang katangian at pisikal na anyo ay nababatay sa lahi ng isang tao.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| R | S | I | A | S | O | M |

2. Ito ay sinadyang kaguluhan o pananakot na ginagamitan ng karahasan ng isang pangkat o ng isang estado upang matamo ang isang adhikaing politikal o kriminal.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| E | O | T | I | R | R | S | O | M |

2. Isang kondisyon ng katawan na kulang sa bitamina o maling pagpili ng pagkain.

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | U | L | R | M | N | N | T | I | S | Y | O |

3. Tumutukoy sa pagtutulungan ng mga bansa sa buong mundo upang malayang makaikot ang mga produkto at serbisyo sa bawat bansa.


| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| G | O | S | L | B | S | A | I | L | A | O | Y | N |

4. Pagbabago ng klima o panahon dahil sa pagtaas ng mga *greenhouse gases* na ‘ nagpapainit sa mundo.

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| C | C | E | E | T | M | A | I | L | G | A | H | N |

Pamprosesong Tanong:

1. Anong mga konsepto ang iyong nabuo?
2. Patungkol saan ang mga ito?
3. Bakit ito nagaganap?



## *Suriin*

Matapos matiyak ang iyong inisyal na kaalaman tungkol sa aralin, ngayon naman ay lilinangin at palalawakin ang mga kaalamang ito sa tulong ng mga teksto na inihanda upang maging batayan mo ng impormasyon. Ang pinakatiyak na layunin ng bahaging ito ay matututuhan mo ang kahalagahan ng pag-aaral sa mga kontemporaryong isyu.

Simulan mo na ang paglalakbay tungo sa iyong pagkatuto! Patunayan ang iyong kahusayan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawaing inilaan para sa iyo.

### Paksa 1: Konsepto ng Kontemporaryong Isyu

Bilang panimula, mainam na iyong maintindihan kung ano ang kahulugan ng kontemporaryong isyu. Ano nga ba ang kontemporaryong isyu? Upang higit mong maintindihan, iyong unawain ang dalawang mahahalagang salitang napapaloob dito, ang salitang kontemporaryo at isyu.


Ang salitang “kontemporaryo” ay tumutukoy sa mga pangyayari sa kasalukuyan na maaaring nakaaapekto sa buhay ng mga tao sa lipunan. Ito ay mga paksang napapanahon na nagiging sanhi ng pagkakabagabag ng mga tao. Maaari rin itong mga pangyayaring naganap sa nakalipas na nakaaapekto hanggang ngayon sa lipunan.

Ang salitang “isyu” naman ay mga pangyayari, suliranin, o paksa na napag-uusapan at maaaring dahilan o batayan ng debate. Tandaan mo na maaari itong magdulot ng positibo o negatibong epekto sa pamumuhay ng mga tao sa lipunan.

Base sa mga nabanggit, ang kontemporaryong isyu ay tumutukoy sa anumang pangayayari, paksa, tema, opinion, o ideya na may kaugnayan sa kasalukuyang panahon. Sinasaklaw nito ang lipunan at kultura at may tuwirang ugnayan sa interes at gawi ng mga mamamayan. Maaaring ito’y naganap o umiral sa nakalipas na panahon ngunit nananatiling litaw ang epekto nito sa kasalukuyan. Ito ay pinag-uusapan at nagdudulot ng malawakang epekto na maaaring positibo o negatibo sa buhay ng mga tao sa lipunan.

Upang higit mong maintindihan ang kontemporaryong isyu, iyong pagtuonan ng pansin ang nararanasan nating pandemya ngayon, ang COVID- 19. Isa itong kontemporaryong isyu dahil ito ay nangyayari sa kasalukuyan at may malaking epekto sa buhay ng mga tao at maging sa ekonomiya ng ating bansa. Kapansin–pansin ang pagkaabala ng ating bansa at ng buong mundo sa pananalakay ng COVID-19. Binago nito ang pamumuhay nating normal. Ito ang nagdala sa tinatawag nating *new normal*, kung saan apektado ang lahat ng larangan sa buhay. Napakalawak na kontemporaryong isyu ang *pandemic* COVID 19. Ito ay maituturing na isyung may maramihang mukha sa dahilang pasok ito sa iba’t ibang uri ang kontemporaryong isyu. Tandaan mo na saklaw ng kontemporaryong isyu ang lahat ng mga paksa na tatalakayin at iyong pag-aaralan mula quarter 1 hanggang 4 .

**Uri ng Kontemporaryong Isyu**




1. **Kontemporaryong Isyung Panlipunan**- ito ay mga isyu o mahahalagang pangyayari na may malaking epekto sa iba’’t ibang sektor ng lipunan tulad ng pamilya, simbahan, paaralan, pamahalaan, at ekonomiya. Halimbawa: pag-aasawa ng mga may parehong kasarian *(same sex marriage)*, terorismo, rasismo, halalan, kahirapan

2. **Kontemporaryong Isyung Pangkalusugan** – ito ay mga isyu na may kaugnayan sa kalusugan na maaaring nakabubuti o hindi nakabubuti sa mga tao sa lipunan.
Halimbawa: COVID-19, sobrang katabaan, malnutrisyon*, Drug Addiction, HIV / AIDS*

3. **Kontemporaryong Isyung Pangkapaligiran** – ay tumutukoy sa mga isyung may kinalaman sa kapaligiran at mga usapin sa pagpapaunlad at tamang paggamit sa ating kalikasan.
Halimbawa*: global warming*, paglindol, baha, bagyo, *El Niño*, at La Niña

4. **Kontemporaryong Pangkalakalan** -mga suliraning may kinalaman sa globalisasyon at negosyo, kasama dito ang mga usapin o isyung pang-ekonomiya.
   Halimbawa*: import/export, online shopping, free trade*, samahang pandaigdigan

**Saan ka nga ba makakasipi ng mga Isyu?**

Sa panahon natin ngayon, marami nang mapagkukunan ng mga impormasyon tungkol sa mga kontemporaryong isyu. Kabilang dito ang radyo, telebisyon, internet, social media, at mga nakalathalang materyal tulad ng pahayagan, *flyer*s at magasin. Narito ang iba't ibang uri ng media:

- Print Media
  Halimbawa: komiks, magazine, diyaryo
- *Visual* Media
  Halimbawa: balita, pelikula, dokyumentaryo
- Online Media
  Halimbawa: facebook, online blogs, website

**Gawain 4. TAPAT-TAPAT! DAPAT!**

Maglista ng mga isyu na iyong nalalaman na maaaring nangyayari sa iyong komunidad at itapat ang mga ito ayon sa tamang uri. Gumamit ng sariling sagutang papel.

| Isyung Panlipunan | Isyung Pangkalusugan | Isyung Pangkapaligiran | Isyung Pangkalakalan |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

Pamprosesong Tanong:

1. Sa iyong mga nailista, alin sa mga ito ang dapat mong bigyan ng pansin? Bakit?
2. May alam ka bang batas na ipinapatupad tungkol dito?
3. Bakit masasabi itong kontemporaryong isyu?

Ngayong alam mo na ang iba't ibang uri ng kontemporaryong isyu at kung saan ka makakukuha nito, mahalaga na iyong malaman ang mga bagay na dapat mong tandaan sa pag-aaral nito:

Una, sa pag-aaral ng isang isyu, kinakailangan mong bigyang pansin ang mga bahagi nito na makatutulong sa pag-unawa at tamang pagtugon sa mga isyung kinakaharap ng isang bansa. Alamin kung gumamit ba ito ng mapagkakatiwalaang sanggunian upang malaman ang pinagmulan nito. Kailangan mo ring alamin ang kahalagahan, mga naaapektuhan, nakikinabang, saan, at paano nagsimula ang isyu.

Pangalawa, dapat ding suriin ang pagkakaiba ng mga opinyong nakapaloob sa isang isyu, kung ito ay opinyong pangkapaligiran, pang-ekonomiya, politikal, panlipunan, at iba pa. Suriin din ang opinyon na ipaglalaban at mga diwang dapat mapakikinggan.

Pangatlo, alamin kung ang isyung ito ay nabago sa paglipas ng panahon. Ito ba ay bahagi ng isa pang mas malawak na isyu o suliranin. Mahalaga ring maibigay ang sariling damdamin tungkol sa isyu matapos itong suriin. Kasama na ang paraang maaaring gawin upang maiwasan ito.

Pang-apat, sa pag-aaral ng isang isyu, kinakailangang alamin ang lawak ng epekto at lebel nito. Ito ba ay isyung lokal, pambansa o sumasaklaw sa pandaigdigang lebel. Idagdag pa ang mga pagkilos na isinasagawa ng mga mamamayan, namumuhunan, pamahalaan, at iba pang pangkat upang maiwasan o mapigilan ang isyung ito.

At ang panghuli, mahalaga ring malaman mo ang mga dapat gawin at sino ang dapat kumilos tungkol sa isyu at papaano mahihikayat ang ibang tao na kumilos tungkol dito. Tutukuyin dito ang mga kasangkot at mga kaagapay sa pagsugpo sa mga negatibong dulot nito.

**Mga dapat taglayin sa pagsusuri ng isang kontemporaryong isyu:**

- Kaalaman sa pagsusuri kung ito ay naglalahad ng patas na opinyon.
- Kaalaman sa batayan ng isyu, saan nagmula, maaari na ito ay hango sa mga legal na dokumento, journal, sulat, larawan, at iba pa.
- Kakayahan sa pagbibigay ng opinyon, pagbuo ng ugnayan, at pangkalahatang pananaw sa isang pangyayari.
- Kakayahang malaman kung ang pahayag o pangyayari ay makatotohanan o nakabase sa opinyon o haka-haka lamang.

**Gawain 5. Timbangin Mo, Kontemporaryong Isyu Ba Ito?**

Suriin ang bawat pahayag at sabihin kung ito ay kontemporaryong isyu o hindi. Ipaliwanag ang iyong sagot gamit ang sariling sagutang papel.

1. Problema sa Trapiko
2. Diskriminasyon
3. Kahirapan sa bansa
4. Kawalan ng trabaho
5. Pagpapatigil sa operasyon ng *ABS-CBN*

**Gawain 6. Maging Mapanuri!**

Magtala ng mga kontemporaryong isyu sa inyong lugar at suriin ito gamit ang talahanayan sa ibaba. Ilagay ang sagot sa hiwalay na papel.

| Isyu | Sanggunian | Uri | Kaugnayan sa Iba Pang Uri ng Kontemporaryong Isyu | Sariling Opinyon | Responsable sa Pagbibigay ng Solusyon | Mga Pagkilos/ Gawain upang Maiwasan ang Isyu |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |
| | | | | | | |

Mahusay ka! Nagawa mong suriin ang katayuan ng iyong lugar. Natukoy mo na ang mga isyung bumabagabag dito. Handang-handa ka nang isakatuparan ang susunod pang gawain. Magpatuloy at galingan mo.

**Gawain 7. Balita-Suri!**

Basahin at unawain ang sumusunod na balita. Pagkatapos ay sagutin ang sumusunod na pamprosesong mga tanong sa hiwalay na papel.

A.

*Pagresolba sa Kahirapan*

**Posted by** Dom Guamos and Lady Ann Salem, Manila Today on January 16, 2017

Isa sa mga isinusulong ni Pangulong Duterte mula sa kanyang 10-point economic agenda ay ang mabisang pagsugpo sa kahirapan ng bansa, ngunit tila hindi pa rin nararamdaman ng mga mamamayan ang mga bunga ng nasabing plano.

Nanatiling mahigit 70 porsiyento ng mga Pilipino ang nasa ilalim ng poverty line ngayong 2016. Batay ito sa pinakabagong pagsisiyasat ng *IBON Foundation* kung saan nagtanong sila sa mahigit 1 500 na residente kung itinuturing ba nilang kabilang sila sa mahihirap na hanay ng mga Pilipino. Nakikitang rason dito ay ang kasalukuyang *unemployment rate* o bilang ng mga Pilipinong walang trabaho o kulang ang kinikita at mataas na bilang ng kontraktwalisasyon sa bansa.

Patuloy naman ang 4Ps o Pantawid Pamilyang Pilipino Program sa ilalim ni Pangulong Duterte. Ayon sa bagong pamunuan ng *Department of Social Work and Development* (*DSWD*), pang-ampat lamang ang 4Ps at hindi solusyon sa kahirapan. Sa direksyon ng bagong kalihim ng DSWD na si Prof. Judy Taguiwalo, dinagdagan ng 18 kilong bigas ang 4Ps at patuloy na ina-*audit* ang listahan ng mga nakatatanggap ng 4Ps at ang paraan sa pagtiyak ng pag-aabot ng perang tulong sa mga benepisyaryo.

Inaasahang pagdating ng 2017 ay maging mas maagap ang pamahalaan sa patuloy na pagsugpo ng kahirapan sa bansa lalong lalo na sa pagpapatupad ng mga polisiyang tunay na naglilingkod at pinakikinabangan ng mga mamamayan. Bahagi ng mga hinahapag sa *peace talks* ng gobyerno sa NDFP ang mga repormang panlipunan at pang-ekonomiya, kasama na ang pagresolba ng kahirapan, at kawalan ng nakabubuhay na trabaho sa pamamagitan ng reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

**Pinagkunan:** https://manilatoday.net/top-10-isyu-na-hinihintay-natin-ang-pagbabago/

Pamprosesong mga Tanong:

1. Anong uri ng kontemporaryong isyu ang nabanggit sa balita?
2. Bakit maituturing itong isang kontemporaryong isyu?
3. Paano tinutugunan ng pamahalaan ang nabanggit na isyu?
4. Dapat mo bang bigyan ng pansin ang isyung katulad nito?
5. Paano nakaaapekto ang isyung ito sa iba pang isyung kinakaharap ng ating bansa?
6. Ano ang kahalagahan nito sa iyo bilang isang mag-aaral?

B.

***Kaso ng HIV/AIDS sa Bansa, patuloy na dumarami: DOH***

Posted by Kory Quintos, ABS-CBN *News* on September 1, 2017

Patuloy pa ring tumataas ang bilang ng mga kaso ng HIV-AIDS sa bansa, ayon sa *Department of Health*. Sa pinakahuling datos ng DOH ngayong Hunyo 2017, naitala ang 1 013 na bagong kaso ng HIV-AIDS. Sa higit isang libong kaso, 969 ang nakakuha ng sakit dahil sa *sexual contact*. Walumpung porsiyento rito ay lalaki sa lalaki. Naitatala rin ang 30 bagong kaso ng HIV-AIDS kada araw mula noong Hunyo.

Paliwanag ni Health Secretary Paulyn Ubial, maituturing na *risk factor* ng HIV ang pakikipagtalik lalo na kung maraming sexual *partner* ang isang tao. Dahil dito, patuloy ang pag-eengganyo ng DOH na magpa-*test* na ang mga may tsansang magkaroon nito. Matapos magpa-test, siguraduhin ding anila na sumailalim sa *treatment* o gamutan.

Ayon kay Ubial, nasa 35 porsiyento lang ng mga nagpapasuri sa sakit ang tumutuloy sa gamutan. May mga libreng gamot naman na ibinibigay ang DOH at mga pribadong grupo na handang tumulong. Bukod sa mga ospital at *hygiene clinic* ng DOH na may HIV *testing*, mas nagiging agresibo na rin ang iba't ibang *AIDS awareness group* sa pagbibigay ng impormasyon at mga screening.

Nagsasagawa na ang ilang ahensiya ng *community-based screenings* at *counseling*. Libre ang pagpapakonsulta at screening sa mga hygiene clinic *at non-governmental organizations tulad ng The Project Red Ribbon.*

Pinagkunan:*https://news.abs-cbn.com/news/09/01/17/kaso-ng-hiv-aids-sa-bansa-patuloy-na-dumarami-doh*

Pamprosesong Tanong:

1. Anong uri ng kontemporaryong isyu ang tinutukoy ng balita?
2. Bakit maituturing itong kontemporaryong isyu?
3. Paano tinutugunan ng pamahalaan ang isyung ito?
4. Paano ito nakaaapekto sa pag-unlad ng isang bansa?
5. Bilang isang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pagsugpo sa isyung nabanggit?
6. Ano ang kahalagahan ng pagiging mulat sa mga isyung katulad nito?

C.

***Climate change may ambag sa paglobo ng dengue cases sa bansa?***

Posted by Bianca Dava, ABS-CBN News on August 11, 2019

MAYNILA — Naniniwala ang isang eksperto na ang pagbabago sa klima ay nakaapekto sa pagtaas ng kaso ng mga nagkaka-dengue sa bansa ngayong taon.

Tingin ni Dr. Rontgene Solante, isang *infectious diseases expert,* nagkaroon ng paglobo sa *dengue cases* dahil hindi na maituturing na *seasonal* ang naturang sakit dahil sa climate change."Wala na tayong seasonal *episode ng increase* ng dengue. *It's usually year-round*... [Dahil sa] climate change, nabubulabog ang mosquito. *They go from one place to another and they always look at an area that is conducive to breed*," paliwanag ni Solante, pinuno ng San Lazaro Hospital-Adult Infectious Diseases and *Tropical Medicine Department.*

Nakakaapekto rin umano ang malaking populasyon sa lugar na maraming kaso ng dengue. Ito rin ang nakikitang dahilan sa Barangay Payatas, na may pinakamataas na kaso ng dengue sa Quezon City ngayong taon."Siguro dahil napakalaki ng Payatas. *We're about* 300 000 na po ngayon... Isa 'yun sa mga *factors* kaya napakalaki ng *turnout ng patients,*" ani Florante Clarita, barangay *administrator* ng Payatas.

Ayon sa mga eksperto, hindi lang sa mga estero at kanal nangingitlog ang lamok dahil kahit sa maliliit na *bottle caps* ay puwedeng maipon ang tubig at pamugaran ng lamok. Sa huling tala ng Department of Health, pumalo na sa 167 606 ang dengue cases mula Enero-Hulyo 27, 2019, ang pinakamataas sa loob ng 5 taon.

**Pinagkunan:***https://news.abs-cbn.com/news/08/11/19/climate-change-may-ambag-sa-paglobo-ng-dengue-cases-sa-bansa*

Pampresosong Tanong:

1. Anong mga isyu ang nabanggit sa balita?
2. Maituturing ba natin itong mga kontemporaryong isyu? Bakit?
3. Paano maiuugnay ang isyung ito sa iba pang isyung panlipunan, pangkapaligiran, at pang -ekonomiya?
4. Bakit mahalagang malaman mo ang mga ito?
5. May bahagi ka bang dapat gampanan sa mga nabanggit?

D.

***DTI: Pilipinas, umaangat sa export products***

Posted by *Vick Aquino Tanes* on October 30, 2018

INANUNSIYO ng *Department of Trade and Industry* (DTI) na kaya nang makipagsabayan ng Pilipinas sa *export market* dahil higit nang mataas ngayon ang kalidad ng mga produktong gawa sa bansa at lumago na rin ang export services ng Pilipinas.Ayon kay DTI Secretary Ramon Lopez, umangat ang lebel ng ating ekonomiya pagdating sa pagluwas at pag-angkat ng mga produkto.

Katunayan nito ay tumaas ng 3.2 percent ang total import services noong unang quarter ng 2018 na umabot sa US$6.38 *billion* mula sa US$6.19 billion noong 2016.Sa Travel services ay nanguna rin ang bansa sa *import services* na umabot ng US$2.92 billion na tumaas ng 4.2 porsyento mula sa US$2.80 billion. Sa *Transport services* ay umabot ng US$1.15 billion; *other business* services, US$1.10 billion; *insurance and pension* services, US$341.54 million; at sa *telecommunications*, computer, and *information* services, US$263.73 million na kung saan ay sumasabay na ang bansa sa teknolohiya.

Ayon kay Secretary Lopez, umaasa ang ahensya na magtutuluy-tuloy ang paglago ng ating export trade dahil malaki na ang improvement ng bansa pagdating sa kalakal.

Kabilang sa mga iniluluwas ng bansa ay ang *electronic products, machinery,* at transport equipment at iba pang electronics na kung saan ay kaya nang makipagsabayan ng Pilipinas sa anumang meron mula sa ibang bansa.

Pinagkunan: https://pinasglobal.com/2018/10/export/

Pamprosesong Tanong:

1. Anong uri ng kontemporaryong isyu ang nabanggit sa artikulo?
2. Paano nakatutulong ang isyung ito sa pag-unlad ng ekonomiya ng ating bansa?
3. Paano maiuugnay ang isyung ito sa iba pang mga isyung pangkapaligiran, panlipunan, at pangkalusugan?
4. Mahalaga ba na malaman mo ito? Bakit?
5. Gaano ka kamulat sa mga isyung katulad nito?
6. Paano ka makatutulong sa pag-unlad ng ekonomiya ng ating bansa?
7. Paano nakatutulong ang kaalaman sa mga kontemporaryong isyu sa pagpapaunlad ng bansa?

E.




Larawan 1: Editorial Cartoon Tungkol sa Corruption
Sanggunian: Philippine Daily Inquirer: 2012

Sa artikulong isinulat ni Leila B. Salaverria na nailathala *sa Philippine Daily Inquirer* noong Disyembre 5, 2012, tinalakay niya ang resulta ng pag-aaral ng *Transparency International* tungkol sa persepsyon ng korapsyon sa Pilipinas. Sa nasabing pag-aaral, nagtala ang Pilipinas ng iskor na tatlumpu't apat sa kabuuang 100 kung saan ang 100 ay may deskripsyon na "very clean".

Bahagyang tumaas ang marka ng Pilipinas noong 2013 sa iskor na tatlumpu't anim. Kung tutuusin, mababa pa rin ang markang ito kung ihahambing sa mga bansang Denmark, Finland, New Zealand, Sweden, at Singapore na may matataas na marka at itinuturing na "very clean". Nagbibigay ito ng mensahe na ang Pilipinas ay isa pa rin sa mga bansa sa daigdig na may malaganap na korapsyon sa pamahalaan.

Ang isyu ng korapsiyon ay hindi lamang nararanasan sa ating bansa. Sa katunayan, ayon sa nasabi ring pag-aaral, higit na mataas ang marka ng Pilipinas kung ihahambing sa mga karatig-bansa sa Asya tulad ng Vietnam, Indonesia, Bangladesh, at ng North Korea na kasama sa *"five most corrupt countries*" sa daigdig. Subalit hindi ito dahilan upang itigil natin ang paglaban sa korapisyon.

Ayon kay Rosalinda Tirona, ang pangulo ng Transparency International sa Pilipinas, kailangan pa ang mas maraming **pagkilos** upang labanan ang korapsiyon. Ngunit, hindi lamang korapsiyon ang dapat na bigyang pansin kundi ang transpormasiyon ng lipunang Pilipino upang makamit ang tunay na pagbabago.

Halaw sa Artikulo ni Salaverria, L. B. (2012, December 5).

*Philippines Remains One of the Most Corrupt Countries- Survey.* Retrieved September 5, 2014, from Philippine Daily Inquirer: http://globalnation.inquirer.net/58823/philippines-remains-one-of-the-most-corrupt-countries-survey#ixzz2uxN9aww

Pamprosesong Tanong:

1. Ano-ano ang mga uri ng kontemporaryong isyu ang nabasa sa teksto?
2. Paano nakaaapekto sa ekonomiya ng isang bansa ang isyung katulad nito?
3. Paano maiuugnay ang isyung ito sa iba pang mga isyung pangkapaligiran, pangkalusugan, at pangkalakalan?
4. Bilang isang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pagsugpo sa isyung nabanggit?
5. Ano ang kahalagahan ng pagiging mulat sa isyung katulad nito?

**Gawain 8. Suriin Mo!**

Gamit ang limang balita/artikulo na iyong binasa, punan ang talahanayan sa ibaba upang patunayan ang iyong kaalaman sa maingat na pagsusuri ng isang isyu. Gumamit ng sariling sagutang papel.

| **Balita/Artikulo** | **A** | **B** | **C** | **D** | **E** |
|---|---|---|---|---|---|
| Uri | | | | | |
| Sanggunian | | | | | |
| Sariling Opinyon | | | | | |
| Kaugnayan sa iba pang Kontemporaryong Isyu | | | | | |
| Responsable sa Pagbibigay ng Solusyon | | | | | |
| Mga Pagkilos /Gawain upang Maiwasan ang Isyu | | | | | |

**Gawain 9. "3-2-1 Chart "**Punan ng impormasyon ang tsart sa ibaba gamit ang sariling sagutang papel.

| Ano-ano ang mga isyung nabasa mo sa teksto? | Bakit nagpapatuloy ang mga isyu o usapin na naitala mo sa kolum 1? | Kung ikaw ay mabibigyan ng pagkakataon, paano mo mabibigyan ng solusyon ang mga isyung nabasa at itinala mo sa una at ikalawang kolum? |
|---|---|---|
| 3 | 2 | 1 |

Magaling! Naipakita mo ang iyong papapahalaga sa mga kontemporaryong isyu na maaari mong pagtuunan ng pansin dahil bahagi ka ng pagbabago ng ating lipunan. Handa ka na bang mapalalim ang iyong kaalaman tungkol sa paksa? Muli mong bigyan ng pansin ang susunod na pagtatalakay at unawain ang kahalagahan ng pag-aaral sa kontemporaryong isyu.

**Paksa 2: Kahalagahan ng Pag-aaral sa mga Kontemporaryong Isyu**

Ngayon, iyong tunguhin ang kahalagahan ng pag-aaral sa kontemporaryong isyu. Ang sumusunod ay mga nalikom na kaisipan mula sa mga nabasa, narinig, at naibahagi ng mga dalubhasa o ng mga mismong may karanasan sa isang pangayayari, suliranin, opiniyon, o ideya. Aralin ang mga ito at pansinin kung humahawig sa iyong karanasan.

1. Bilang isang mag-aaral, ang kaalaman mo sa mga kontemporaryong isyu ang magiging daan upang maging mulat sa mga nangyayari sa iyong kapaligiran. Isang paraan din ito upang iyong matanto na may bahagi kang dapat gampanan sa lipunang iyong kinabibilangan.
2. Sa pag-aaral ng kontemporaryong isyu, matututo kang tumimbang ng mga sitwasyon. Natutukoy ang kabutihan at di kabutihan nito.
3. Ang kaalaman sa kontemporaryong isyu ang lilinang sa iyong kasanayan sa pagbasa at pag-unawa gamit ang iba't ibang paraan ng pamamahayag. Nahahasa rin ang iyong kasanayang pangwika, panggramatika, at iba pang mabisang kasanayang magpabatid ng kaisipan.
4. Napapaunlad din ang iyong kakayahang mag-isip sa mga hakbangin, kakayahang magplano, at magsagawa ng mga programang makalulutas sa mga suliranin.
5. Napapalawak ang kaisipan kapag maalam sa mga impormasyon, ideolohiya, kasaysayan, pagkakaiba ng kultura, at iba pang mahahalagang kaganapang may kinalaman sa partisipasyon at pagpapasya.
6. Ang pag-aaral sa mga kontemporaryong isyu ay nagpapatalas ng kaisipan at matanto ang angkop, handa, at agarang pagkilos o pagtugon sa dala nitong hamon.
7. Napapalawak din ang kakayahang pagpapahalaga sa mga tuwiran at di tuwirang ambag ng pangyayari, suliranin, o anumang isyu.
8. Potensyal na pagkakataon ito upang maging mapanuri at mapagtugon na kabahagi sa pagbuo ng lipunang mulat at matalinong tumutugon sa mga hamon ng kontemporaryong isyu.

**Gawain 10. Mahalaga Ito! Pansinin Mo!**

Ipaliwanag ang iyong sagot. Gumamit ng hiwalay na papel.

Para sa iyo, ano ang kahalagahan ng pag-aaral ng kontemporaryong isyu

1. para sa iyong sarili


   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. para sa pamilya at komunidad

   ______________________________________________

   ______________________________________________



## *Pagyamanin*

Maliwanag na tinalakay sa modyul na ito ang katuturan, mga uri at kahalagahan ng pagiging mulat sa mga kontemporaryong isyu. Maliwanag ba sa iyo ang lahat ng natalakay?

Kung oo ang sagot mo, patunayan ito sa pamamagitan ng pagtupad sa mga gawain sa ibaba. Ang mga gawaing ito ay makatutulong sa iyo upang lalo pang mapagyaman ang iyong kaalaman tungkol sa paksa.

**Gawain 11. Pangatwiranan Mo!**

Sagutin ang sumusunod na tanong sa sariling sagutang papel.

1. Anong uri ng kontemporaryong isyu ang sa tingin mo ay dapat pagtuunan ng pansin ng ating pamahalaan? Bakit?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Bakit mahalaga ang pagiging mulat sa mga kontemporaryong isyu?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Lahat ba ng isyu sa lipunan ay masasabing kontemporaryong isyu?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Anong uri ng kontemporaryong isyu ang nais mong bigyang solusyon sa ngayon? Bakit?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

5. Ano ang dapat tandaan sa pag-aaral ng kontemporaryong isyu?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

**Gawain 12. KAHON-ANALYSIS**


Basahin at suriin ang sumusunod na pahayag at ipaliwanag ang iyong sariling opinyon kung sumasang-ayon ka o hindi. Kopyahin ang Kahon ng Tanong at isulat ang sagot sa loob nito.

Kahon ng Tanong:

| Sa isyung terorismo, ang pagbibigay ba ng ransom kapalit ng kaligtasan ng mga bihag ay dapat o hindi dapat? Bakit? | Sa isyu ng ng sigarilyo dapat ba itong ipagbawal sa buong bansa? Oo o Hindi? Bakit? | Sa isyung 4P's, sang-ayon ka ba na alisin na ito? Oo o Hindi? Bakit? |
|---|---|---|
| | | |


**Gawain 13. S-E-S Graph**

Maging mapanuri, magbigay ng mga isyu na iyong nakikita sa inyong komunidad ibigay ang iyong sariling opinyon gamit ang graph sa ibaba. Gumamit ng hiwalay na papel.



**Gawain 14. Mula sa Media!**

Kumuha ng kontemporaryong isyu mula sa iba’t ibang uri ng media at sagutin ang mga sumusunod na pamprosesong tanong gamit ang sariling sagutang papel.




**Pamprosesong Tanong:**

1. Sa tingin mo, alin ang mas madaling pagkuhanan ng isyu? Bakit?
2. Ano ang naitutulong sa iyo ng mga pinagkukuhanan natin ng isyu?
3. Ano ang kahalagahan ng pagiging mulat sa mga kontemporaryong isyu?



## *Isaisip*

Binabati kita. Narating mo na ang bahaging ito ng iyong modyul. Ibig sabihin malapit mo na itong matapos. Sa bahaging ito, kailangan mong patunayan na naunawaan mo na ang mga konsepto at mga kaalamang dapat maikintal sa isipan mo na layunin ng modyul na ito. Tapusin ang mga nakalaang gawain. Kayang-kaya mo!

**Gawain 15. “TANDAAN MO!”**


Dugtungan ang sumusunod na mga kaisipan. Ilagay ang sagot sa hiwalay na papel.

1. Ang kontemporaryong isyu ay ___________________________________________
___________________________________________________________________

2. Ang mga uri ng kontemporaryong isyu ay ____________________________________
___________________________________________________________________

3. Sa pagsusuri ng kontemporaryong isyu kinakailangan ang mga kasanayang _______
_______________________________________________________________

4. Mahalagang pag-aralan ang kontemporaryong isyu upang ____________________
_______________________________________________________________



## *Isagawa*

Ngayong lubos na ang iyong kaalaman ukol sa mga uri at kahalagahan ng kontemporaryong isyu, sa bahaging ito ng aralin ay iyong isagawa ang mga natutuhan sa pang-araw-araw na buhay. Ano nga ba ang kahalagahan ng mga paksang iyong natutuhan sa iyong buhay?

Bilang isang mag-aaral, may bahagi kang ginagampanan sa pagharap sa mga kinakaharap na kontemporaryong isyu at kung papaano ito masosolusyunan. Inaasahan kong magagawa mo nang maayos ang susunod na gawain.

**Gawain 16. MULAT SA KATOTOHANAN!**

Magbigay ng mga kontemporaryong isyung kinakaharap ng ating bansa sa ngayon at ibigay ang kahalagahan nito sa iyong buhay bilang isang mag-aaral na mulat sa katotohanan. Ilagay ang sagot sa hiwalay na papel.

| Uri | Kontemporaryong Isyu | Kahalagahan |
|---|---|---|
| Pangkalusugan | | |
| Pangkalakalan | | |
| Panlipunan | | |
| Pangkapaligiran | | |

**Gawain 17. Ipahayag sa Bawat Letra!**

May kahalagahan ba sa iyong buhay ang pagiging mulat sa mga kontemporaryong isyu? Paano mo magagamit ang iyong kaalaman sa iyong buhay? Sagutin ang mga tanong sa pamamagitan ng pagbuo ng akrostik gamit ang salitang KONTEMPORARYO. Gumamit ng sariling sagutang papel.

**K –**

**O –**

**N –**

**T –**

**E –**

**M –**

**P –**

**O –**

**R –**

**A –**

**R –**

**Y –**

**O –**



## *Tayahin*

Pinatunayan mo ang iyong kagalingan sa pagsagot sa mga gawain sa modyul na ito. Dahil diyan kailangan mo nang sagutin ang panghuling pagtataya upang higit mong mapatunayan ang iyong pag-unawa sa lahat ng paksa na napapaloob sa modyul na ito Kayang-kaya di ba?

**Gawain 18. Panghuling Pagtataya.**
Isulat ang tamang sagot sa sariling sagutang papel.

1. Ang mga isyung ito ay nagaganap sa kasalukuyan at may malinaw na epekto sa lipunan.
   A. Isyung Pangkapaligiran
   B. Kontemporaryong Isyu
   C. Isyung Pangkalakalan
   D. Isyung Pangkalusuagan

2. Saang isyu nabibilang ang samahang pandaigdigan na binubuo ng iba't ibang kinatawan mula sa pambansang organisasyon para sa pandaigdigang katahimikan at pagkakaisa?
   A. Isyung Pangkalakalan
   B. Isyung Pangkalusugan
   C. Isyung Panlipunan
   D. Isyung Pangkapaligiran

3. Alin sa sumusunod ang hindi kasanayan na dapat taglayin sa pag-aaral ng kontemporaryong isyu?
   A. Natutukoy ang katotohanan at opinyon.
   B. Huwag ilahad ang kabutihan at di-kabutihan ng isang bagay.
   C. Pagkilala sa sanggunian.
   D. Pagbuo ng opinyon at ugnayan.

4. Ang isang isyu ay maaaring pag-aralan sa pamamagitan ng pagsusuri ng ilang bahagi nito, alin sa sumusunod ang kabilang dito?
   I. uri
   II. sanggunian
   III. kahalagahan
   IV. epekto

   A. I    B. II    C. I, II, III, IV    d. II, III

5. Alin sa sumusunod ang kahalagahan ng pag-aaral ng kontemporaryong isyu?
   I. Nagiging mulat sa katotohanan.
   II. Nahahasa ang kritikal na pag-iisip.
   III. Napalalawak ang kaalaman.
   IV. Napapaunlad ang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa.

   A. I     B. I, II     C. I, II, III     D. I, II, III, IV

Basahin ang bawat pangyayari. Isulat ang letrang **K** sa iyong sagutang papel kung maituturing itong kontemporaryong isyu at **H** kung hindi.

_____6. Pagkawala ng trabaho ng mga tao

_____7. Pandaraya sa Pamilihan

_____8. Diskriminasyon sa edad

_____9. Hindi pagkapantay-pantay sa lipunan

____10. Suliranin ng mag-anak

Isulat sa iyong sagutang papel ang letrang **T** kung ang pinapahiwatig ng pangungusap ay tama at palitan ng tamang sagot ang nasalungguhitan na salita kung ito ay mali.

_____11. Ang kontemporaryong isyu ay anumang pangayayari, paksa, tema, opinion, o ideya na may kaugnayan sa kasalukuyang panahon.

_____12. Ang pagkakaroon ng kamalayan sa mga kontemporaryong isyu sa lipunan at daigdig ay makatutulong sa paglinang ng kritikal at malawakang kaisipan.

_____13. Sa pagbabasa ng mga print media ay nahuhubog ang kasanayang pangwika at siyensiya.

_____14. Ang free trade ay halimbawa ng isyung pangkalusugan.


_____15. Inirerekomenda ng mga eksperto ang paggamit ng facebook upang mahubog ang kasanayan sa pagbabasa.

Ooppss! Bago mo iwan ang modyul na ito, gawin mo muna ang gawain sa ibaba. Huling hirit na ito.

## *Karagdagang Gawain*

**Gawain 19. "Ako Ay Kabahagi"**

Maging mapagmasid sa iyong komunidad na kinabibilangan, alamin ang mga isyung kinakaharap ninyo sa ngayon at magbigay ng sariling suhestiyon kung papaano ito masosolusyonan. Itala ang mga sagot sa sariling sagutang papel.




ISYU



SOLUSYON

Ngayon ay may sapat ka nang kaalaman at pag-unawa tungkol sa mga konsepto ng kontemporaryong isyu pati na rin ang kahalagahan nito sa iyo bilang isang mag-aaral. Maaari ka nang tumungo sa susunod na aralin upang mapalalim at mapalawak pa ang iyong kaalaman. Binabati kita! Matagumpay mong natapos ang modyul 1.



# *Susi sa Pagwawasto*

Paunang Pagtataya

| | | |
|---|---|---|
| 1.b | 6.a | 11.d |
| 2.c | 7.c | 12.b |
| 3.c | 8.c | 13.d |
| 4.d | 9.c | 14.d |
| 5.c | 10.c | 15.c |

| | | |
|---|---|---|
| 1.b | 6.K | 11.T |
| 2.a | 7.H | 12.T |
| 3.b | 8.K | 13. Panggramatika |
| 4.c | 9.K | 14. Pangkalakalan |
| 5.d | 10.H | 15. Print media |

# *Sanggunian*

Department of Education. Araling Panlipuan 10 Materyal Pansanay, Learners Module. 2017.
https://manilatoday.net/top-10-isyu-na-hinihintay-natin-ang-pagbabago/

https://www.slideshare.net/alexesestenor/kahalagahan-ng-pag-aaral-ng-mga-kontemporaryong-isyu

https://news.abs-cbn.com/news/09/01/17/kaso-ng-hiv-aids-sa-bansa-patuloy-na-dumarami-doh

*https://news.abs-cbn.com/news/08/11/19/climate-change-may-ambag-sa-paglobo-ng-dengue-cases-sa-bansa*

https://pinasglobal.com/2018/10/export/

*Philippines Remains One of the Most Corrupt Countries- Survey.* Retrieved September 5, 2014, from Philippine Daily Inquirer: http://globalnation.inquirer.net/58823/philippines-remains-one-of-the-most-corrupt-countries-survey#ixzz2uxN9aww

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph